# Balimbing

DARREN BENDANILLO

Hitik sa bunga at matamis ang aming balimbing kahit matanda na. Kaunti ang mga dahon, marupok ang mga sanga at payat ang lawas. Kaya, kita ko agad ang magnanakaw na halos kaedaran ko lang. Nakasampa siya sa pader na may hawak na sungkit na may net sa dulo. Napansin ko yung pinakamalaking bunga pa ang nais niyang nakawin. Hindi nagawa ng magnanakaw ang kaniyang balak at agad siyang bumaba. Tumalon sa kabilang bakod baka natakot nang makita ako.

Ako ang umakyat sa puno at pumitas sa bunga. Isinilid sa loob ng aking damit at nagtak-in at hinigpitan ang tali ng korto. Pagbaba ko sa puno, bago ako pumasok sa bahay ay pinapak ko agad ang balimbing at tinapon ang busal sa kural ng mga baboy. Nag-astang si Michael Jordan na isho-shoot sa tangkalan ang balimbing—pero mintis.

Hapon na at umaalingawngaw pa rin ang mga jingle ng mga kandidato. Bukod sa may rumurondang dyip na may speaker sa iba't ibang lugar. Maririnig din sa radyo ang mga kanta para sa panahon ng eleksyon. Napag-uusapan naman sa bahay ang politika, nalalaman ko na ang dating bise-alkalde ay tatakbo bilang alkalde na dating kaalyado ng kasalukuyang alkalde na parang nagpapalitan lang ng puwesto sa palacio municipal.

*"Soliven, Soliven, bota todo Soliven por alkalde en Mayo Once…"*

Maririnig sa sala ang ingay ng rumurondang dyip na tunog papalapit. Iboto daw si Soliven sa darating na Mayo onse. Nagsipaglabasan ang mga tao sa bahay nang marinig ang tunog, yung tatay ko, yung tito ko pati mga kapatid ko, kaya sumunod na rin ako.

Sa labas ng bahay, palabas ng gate, sa gilid ng kalsada, may nag-uumpukang mga tao at may stainless na drip na may speaker sa harap ng salamin. May mga tao iisa ang disenyo ng kanilang t-shirt, bughaw at nag-aabot sila ng mga papel sa mga kapitbahay namin. Nakasulat doon ang mga pangalan at iba pang detalye sa eleksyon. Kasunod ng dyip ay ang lalake na may bughaw rin na t-shirt, may imprenta ng kaniyang malaking mukha, tabingi ang ngisi, may nunal sa noo na parang bangaw na ayaw lumipad. Dumadaan siya sa harap ng mga tao at winika niya na: *"Mi son compañeros, No mas olvida comigo en Mayo Once por Alkalde!"*

Nais niya na 'wag siyang kalimutan sa araw ng halalan sa pagka-mayor. Sabay kaway at pakikipagkamay sa mga tao, dumaan siya sa harapan ko at pati ako ay kinamayan. Kamukha niya si Mr. Bean na may taling sa noo. Nagsipagbalik na kami sa loob ng bahay pagkadaan ni Soliven. Bago ako pumasok ng gate nakita ko ang bata na sumusungkit sa balimbing kanina. Nagkatinginan kami na parang bang walang nangyari. Nakita ko si Tatay na naglalagay ng tatlong sandaang pesong papel sa bulsa sa kaniyang korto at tinapon ang papel na ibinigay sa kaniya ni Soliven. Kinausap ko ang sarili, *"Viejo, 'di pa marunong magtapon nang tama sa basurahan. Cuchino!"*